

Kris Aquino at ang Politika ng Showbiz at Showbiz ng Politika

Ni Rolando B. Tolentino, University of the Philippines Film Institute

Si Kris Aquino ay isang relic ng pamilyang may kapangyarihang politikal at pang-ekonomiya, kung paano mahihinuha ang politika ng showbiz at showbiz ng politika. Ang politika at showbiz ang dalawa sa pinakamabisang paraan ng pagtamo ng pangarap ng mobalidad. Ang politika ng showbiz ay tumutukoy sa mga kalakarang nagtataguyod ng iba't ibang interes sa showbiz, pangunahin dito ang kita at magbigay-aliw. Ang showbiz ng politika ay ang tumutukoy sa mala-showbiz na realidad sa larangan ng lokal at pambansang politika. Si Kris ay sumawsaw sa dalawang larangan sa panahong nasa rurok ng at matapos ang kapangyarihan ang kanyang ina.

Tatalakayin ko ang kultura ng mobalidad na dulot ng showbiz at politika. Matapos ay ang kultura ni Kris Aquino sa dalwang larangan. Paano ginamit ang politika para sa showbiz at ang showbiz sa politika ni Kris Aquino?

Kultura ng Mobalidad: Pagkatao at Pagkabansa

May aspirasyon ang indibidwal na mapabuti ang kanyang lunan, ganun din ang bansa. Ang kultura ng mobalidad ay nakabatay sa pangako, pangako ng pagsulong. At ito ang pinanghahawakan ng napakaraming mamamayang nangingibang-bansa, na ang pisikal na pagsulong ay magdulot ng katumbas na ekonomiyang pagsulong para sa mga naiwan. Kung gayon, ang kultura ng mobalidad ay nakakawing sa kultura ng pagsasakripisyo ng mga indibidwal para sa kanilang mga naiwang mahal sa buhay. Ito ang hindi matutumbasan ng kahit anumang salapi. Ngunit sa patuloy na daloy ng mamamayang nangingibang-bansa para magtrabaho, patuloy din ang daloy ng di-mapapantayan at di-matatawarang pagsasakripisyo.

Tulad ng nangingibang-bansa, dalawa ang pangunahing representasyon ng politika at showbiz sa media—bilang tagumpay ng sistema at bilang failure ng sistema. Bilang tagumpay ng sistema, dinadakila ang mga indibidwal na higit na sumulong sa kanilang career sa showbiz at politika. Kung showbiz ito, yaong mga nag-graduate mula sa starlets tungo sa star at box-office materials. Kung politika ito, yaong mga tunay na naging representante ng interes ng mamayan. Bilang kasiraan ng sistema, sa showbiz, ito yaong mga nalulon sa droga at sa sex trade; sa politika, ito yaong nalulong sa korapsyon.

Ang posisyon ng mamayan sa politika ay manonood sa showbiz. Itong dalawang posisyon ay aktibong nagsisiwalat ng kultura, pati ang fantasya, ng mobalidad ng indibidwal at bansa.

Politikal na Kultura ni Kris Aquino

Tapos na ang administrasyon ni Cory Aquino, wala na rin ang base militar ng mga Amerikano, ano na ang kinahinatnan ni Kris Aquino?

May relasyon ang career ni Cory at ni Kris, gaya ng mga nauna't hinaharap na presidensiya. Si Imee Marcos, Jo Ramos, Jinggoy Estrada at Mikee Arroyo, ang mga tampok na halimbawa ng iba pang politikal na orkestrasyon ng showbiz. Sa isang banda, halos naging magkasabay ang mga career nina Cory at Kris, ang isa bilang politiko, ang isa bilang artista—dalawang kombinasyon na tumutumbas ng tagumpay sa halalan, ang artista bilang politiko, ang politico bilang artista. Sa kabilang banda naman, at ito'y karugtong pa rin ng pinagmulan ng kanilang mga career, ay ang hindi naging magkasabay na pagwakas nito.

Ang aking hakahaka ay simple lamang. Dahil naging mataas ang ekspektasyong politikal at kultural kay Cory, lalong naging matinkad ang mga hindi nagagawa nito. Si Cory ay naipit at nagpaipit sa mahalagang transisyon mula diktadura tungo sa gitna at kanang gobyerno. Ginamit ni Kris ang pagkakataong lumalampas sa langit ang popularidad ng kanyang ina sa loob at labas ng bansa para ipasok ang sarili nitong agenda na maging artista.

Ang Politikal na Orkestrasyon sa Kultural na Produksyon ng Bituin

Nang maging pangulo si Cory sa tulong ng people power at ng last-minute push palabas ni Reagan kay Marcos, nabuksan ang bukanliwayway ni Kris para matupad ang kanyang pangarap ng lehitimisasyon sa kanyang pagiging bituin. Hindi naman bago si Kris sa larangan ng politika; noong bata pa siya't bitbitbitbit na siya't nangangampanya para sa kanyang amang nakabilanggo. At sa pagkapaslang ni Ninoy, naging lantad na bahagi si Kris sa pagpapalaganap ng anti-Marcos na sentimiento. Hindi miminsang tinanong ito kung ano ang kanyang talagang plano at hindi rin miminsang sinagot, ng pagiging artista, tulad ng kanyang idulong si Sharon Cuneta.

Paano nabuo si Kris? Ito ang pinakaorkestradong pagplaplano at implementasyon na isinagawa ng administrasyong ni Cory at ni Mother Lily Monteverde, producer ng Regal Films. Ang abogado ay si Joker Arroyo, ang contract signing ay sa Arlegui, Malacañang na sa ibang pagkakataon ay naging lugar ng pagbabakbakan nina Richard Gomez at Robin Padilla na pinamagitnaan ni Kris. Na sa ibang pagkakataon din, ay kailangang iwanan ni Kris dahil lubha nang napapangibabawan ang o pinangingibabawan ng (kung ano ang gusto ninyong pagtingin) Malcañang ang career ni Kris kaysa kay Cory. Napabihis si Mother Lily, na-front page sa mga dyaryo, binalita ni Inday Badiday at naluwal si Kris, ang nova star, na sa pagpapaliwanag ng isang press relations nito ay mas maigting pa raw kaysa sa megastar ni Sharon o superstar ni Ate Guy.

At matapos ang finansyal na tagumpay ng **Fido Dida** series ay naging isang lehitimong bituin na rin si Kris. Ekonomiko ang isa pang salik sa lehitimisasyon nitong bituin. Sa tulong nitong pelikulang mapapaalaala lamang sa kolektibong kamalayan bilang box-office hit sa panahong ipinalabas ito, wala nang iba pang mapapanghawakang pruwera si Kris bilang artista.

Simptomatiko (symptomatic) ang pruwera ni Kris sa kulturang konsumerismo at komersyalisasyon ng pelikula. Bakit nga ba hahanapan ng kontribusyon ang isang produktong sadya lamng binuo para mapagkakitaan? Ito rin ang trahedya ni Kris.

Si Kris Aquino at ang Kanyang Showbiz

Sa kasalukuyan, si Kris ay dating isa nang matagumpay na talk-show host, pinalitan ang palabas na nakalaan para sa mga maybahay ni Tessie Tomas. Ngayon naman ay nagging gameshow host na. Kakatwa ang posisyon ng talk-show host dahil maaring ang mismong host ang gumagawa ng balita sa panahong hindi na ito napag-usapan. Sa gameshows naman, si Kris ang pilantropong namumudmod ng perang kawanggawa. Samakatuwid, integral ang pagiging talk-show at gameshows sa pagpapatuloy ng career ni Kris sa showbiz.

Kung dati'y kahit naghi-hit ang pelikula ni Kris kahit pa sa kanyang over-acting, na patuloy na dumadaloy sa kanyang box-office hits sa pagbibida sa horror films, ngayon nama'y nawiwindang ang mga tao sa kanyang pagpapatuloy, nakafokus naman sa boses ang kanyang presence. Matinis ang boses ni Kris, self-centered ang lahat ng usapan ay bumabalik sa kanyang manipis at limitadong burgis na karanasan. Gayunpaman, naghi-hit ang kanyang mga palabas sa pagpasok ng sistemang patronahe (patronage) rito. Siya pa rin, bilang panginoong maylupa, ang nagmamando sa higit na nakakatanda at nakakaalam na maybahay sa kanilang mga segment. Maging ang mga talakayan ay may pagtangkilik din sa kanyang posisyon bilang batang Cojuanco. Napapaiyak niya si Aga Muhlach at kung sino pang artista sa kanyang dating palabas, nakakapag-raise ng irreverent opinions, at kung ano-ano pa.

Sa gameshow naman, siya, tulad ni Willy Revillame, ang tagapagpadaloy ng kredibilidad ng ABS-CBN na mamudmod ng premyo sa pinaka-deserving sa hanay ng nangangailangan. Kung si Willy Revillame ang nareforma at nakakapag-astang yumaman na jologs, si Kris ang patron ng mababa't gitnang uring parating nakalagay sa disadbentaheng paghihikahos. Samakatuwid, loyal pa rin si Kris sa kanyang class background, at ito ang tila ginagamit ng kanyang telebisyon at pelikula para mag-command ng kanyang presence sa mga manonood at madla.

At mula sa nagiging solidong basing masang mamamayan—at ito ay hindi naman itinatago ni Kris sa hinaharap—itatayo ang pundasyon ng pagluklok sa pambansang posisyon sa halalan. Senadora Kris o Pangulong Kris. Tanong sa mamamayan, deal or no deal?